PAG-ASA

sa panahon ng kagipitan

NI JOYCE MEYER



PAG-ASA

SA PANAHON NG KAGIPITAN

ni Joyce Meyer

Faith Words™

NEW YORK BOSTON NASHVILLE

Ang ginamit na salin ng Bibliya ay Amplified Bible Classic Edition (AMPC), Copyright 1954, 1958, 1962, 1964, 1965, 1987, mula sa The Lockman Foundation. Ginamit na may pahintulot.

Ang mga talata sa Bibliya na may markang (NIV) ay hango mula sa New International Version Holy Bible, New International Version, Copyright 1973, 1978, 1984, 2011 ng Biblica, Inc. Ginamit na may pahintulot.

Ang mga talata sa Bibliya na may markang (NKJV) ay hango mula sa New King James Version, Copyright 1982 ng Thomas Nelson. Ginamit na may pahintulot.

Ang mga talata sa Bibliya na may markang (NLT) ay hango mula sa Holy Bible, New Living Translation, Copyright 1996, 2004, 2015 ng Tyndale House Foundation. Ginamit na may pahintulot ng Tyndale House Publishers Inc., Carol Stream, Illinois, 60188.

2021 Joyce Meyer Ministries

Karapatang pagmamay-ari. Maliban na lamang kung may pahintulot ng naglimbag, ang aklat na ito ay hindi maaaring kopyahin upang ipalimbag.

Nilimbag sa United States of America

ISBN 978–1–951225–27–8
Joyce Meyer Ministries
P.O. Box 655
Fenton, Missouri 63026
joycemeyer.org

MGA NILALAMAN

5 Panimula

9 Punong-puno ng Pag-asa

16 Ano ang Gagawin Kapag Ikaw ay nasa Mahirap na Sitwasyon?

23 Laging Umaasa

29 Nagtitiwala sa Diyos sa Gitna ng Bagyo

36 Lahat ng Bagay Bago

44 Paano Magkakaroon ng Kalakasan Kapag Ikaw ay Pinanghihinaan ng Loob?

52 Ikaw ba ay nasa Gipit na Kalagayan?

56 Panalangin para sa Kaligtasan

PANIMULA

Ako ay natutuwa na pinili mong basahin ang aklat na ito. Maaaring ikaw ay nasasaktan sa ngayon o nadadaig ng mga nangyayari sa iyong buhay. Hindi ko alam ang iyong pinagdadaanan sa ngayon, subalit isang bagay ang tiyak ako:

Hindi ka nag-iisa – mahal ka ng Diyos, at mahal ka rin namin.

Sa katunayan, isinulat ko ang aklat na ito upang palakasin ang iyong loob at bahaginan ng pag-asa ang iyong puso. Nais kong malaman mo sa ngayon, sa gitna ng iyong pinagdadaanan, ang Diyos ay nasa iyong panig at walang mahirap sa Kanya (Lucas 1:37). Mayroon Siyang magandang plano para sa iyong kinabukasan, at kumikilos na Siya upang tulungan ka bagaman hindi mo pa ito nakikita (Jeremias 29:11).

Maaaring ikaw ay nakikibaka sa isang mahirap na sitwasyon, at hindi mo alam kung paano mo ito malalampasan o mapapagtagumpayan. Maaari rin namang ikaw ay may sakit na pisikal. Alam kong maraming mga tao sa ngayon ang hindi nila alam kung saan sila kukuha ng kanilang makakain.

Kapag tayo ay nagdaranas ng mahihirap na sitwasyon, para bang nais na nating sumuko na. Gayunman, ang dapat nating gawin ay magtiwala

sa Diyos at umasa pa rin. Subalit ano nga ba ang pag-asa?

Ang pag-asa ay buong pusong pagtitiwala na mayroong magandang mangyayari. Ito ay may kaugnayan sa ating pananampalataya o sa kung ano ang ating pinananaligan. Kapag tayo ay mayroong pag-asa, ang ating puso ay napupuno rin ng kagalakan at kapayapaan.

Nais ng kaaway na tayo ay mawalan ng pag-asa. Nais niya tayong paniwalain na wala nang mangyayari pang maganda sa ating buhay. Subalit nais ng Diyos na tayo ay mapuno ng pag-asa – nananampalataya at umaasa sa mga dakilang bagay mula sa Diyos. Sa katunayan, sinasabi ng Bibliya na ang Diyos ay "Diyos ng pag-asa," puno ng kahabagan at mga bagong simula (Roma 15:13).

Dahil sa pang-aabusong sekswal, berbal, at emosyonal na naranasan ko noong ako'y bata pa, ako ay nagdusa. Nasanay ako sa pananaw ng kawalan ng pag-asa. Maraming mga negatibong bagay ang nangyari sa aking buhay na nagtulak sa akin upang laging umasa sa mga pangit pang mangyayari sa aking buhay, kahit ako ay isa ng kristiyano.

Subalit binago ako ng Diyos mula sa pagkakaroon ng negatibong pananaw sa buhay tungo sa pagkakaroon ng pag-asa sa buhay, na umaasa na ang kabutihan ng Diyos ay sumasaakin. Unti-

unti, tinulungan ako ng Diyos na matuklasan ang kapangyarihan ng pag-asa at ano ang magagawa nito sa aking kaisipan, pananalita, mga gawi, at sa lahat ng aspeto ng aking buhay. Kaya sa ngayon, kahit na humaharap ako sa mga mahihirap na sitwasyon ng buhay gaya ng kabiguan, hindi ako nawawalan ng pag-asa sapagkat nalalaman kong ang Diyos ay kikilos para sa aking kabutihan.

Maaaring marami ka ng tinitiis sa buhay, kabiguan, at para bang hindi mo nakikita na ito ay bubuti pa. Nais ng kaaway na maniwala kang wala ng pag-asa pang mabago ang sitwasyon sa iyong buhay. Subalit nais ng Diyos na malaman mong mahal ka Niya, at maaari mo Siyang pagtiwalaan na makakagawa Siya ng himala sa gitna ng iyong mahirap na kalagayan. Huwag kang mawalan ng pag-asa, sa halip ay umasa ka na ang kabutihan ng Diyos ay iyo pa ring mararanasan sa iyong buhay.

Ang mga pahina ng aklat na ito ay naglalaman ng mga aral na itinuro sa akin ng Diyos – mga aral na magpapalakas ng iyong pananampalataya at tutulong sa iyo na harapin ang buhay na may bago at tamang pananaw.

Madalas kong sinasabi na ang taong puno ng pag-asa – siya na patuloy na nananalig sa Salita ng Diyos at hindi sumusuko – ay hindi magagapi. Dahil kahit sa gitna ng mga bagyo ng buhay, kung magtitiwala ka sa Diyos, pupunuin Niya ng

kapayapaan at kagalakan ang iyong buhay at pabubutihin Niya ang iyong kalagayan.

Hindi ko alam eksakto kung ano ang iyong sitwasyon na pinagdadaanan, o kung ano ang iyong nararanasan sa ngayon. Subalit alam kong mahal na mahal ka ng Diyos. Nakikita ka Niya, at tutulungan ka Niya (Roma 8:38-39; Awit 33:18).

Siya ang Diyos ng lahat ng pag-asa, at Siya rin ang makagagawa sa iyong buhay ng mga dakilang bagay kahit na sa gitna ng iyong kagipitan o mahirap na kalagayan.

Kabanata 1

PUNUNG-PUNO NG PAG-ASA

Minsan ay sinasabi ko na tayo ang henerasyon na nais munang makakita bago manampalataya (*show me generation*). Nais nating makita muna bago tayo manampalataya. Sa katunayan, marami sa atin ang nahihirapang maniwala na ang Diyos ay kumikilos sa ating buhay hanggat hindi natin nakikita ang katibayan nito.

Subalit ganoon ang paraan ng pagkilos ng Diyos – kumikilos Siya kahit hindi natin ito nakikita. Maaaring hindi mo nakikita, subalit nananalig ka ba na ang Diyos ay kumikilos sa iyong buhay ngayon? Nananalig ka ba na mayroon Siyang magandang plano para sa iyong mga anak, sa inyong pagsasama na mag-asawa, o sa mga bagay na ipinapanalangin mo sa matagal nang panahon?

Ang Jeremias 29:11 ay nagsasabi na ang Diyos ay mayroong magandang plano para sa iyong buhay – at ito ay ang bigyan ka ng pag-asa. Sa madali't sabi, ang Diyos ay naghahanap ng pagkakataon na makagawa ng mabuting bagay sa iyong buhay!

Maaaring napakahirap ituring ang sarili mo bilang isang positibo at taong puno ng

pananampalataya at pag-asa. Kung gayon, alam ko eksakto ang iyong nararamdaman! May mga tao na natatakot umasa sapagkat nakaranas sila ng maraming kabiguan at iniisip nilang hindi na nila kakayanin pang humarap sa mga susunod na kabiguan.

Ang Diyos ay" Diyos ng pag-asa," puno ng habag at mga bagong simula (Roma 15:13). Sa Diyos, hindi pa huli ang lahat para magsimulang manampalataya at umasa.

MGA DAKILANG INAASAHAN

Isang kahulugan ng pag-asa ay "pagiging tiyak sa inaasahan."

Madalas ay ninanais na lang natin na maghintay sa kung ano ang mangyayari. Subalit nais ng Diyos na umasa tayo na may kasamang layunin. Nais Niyang maging aktibo tayo na umaasa sa mga mabubuting mangyayari sa ating buhay.

Kaya nga ang tanong ko sa iyo: Ano ang inaasahan mo?

Ano ang nakikita mo sa iyong kaisipan o imahinasyon? Paano ka nagsasalita kaugnay ng iyong kinabukasan? Kapag ikaw ay gumigising sa umaga, ano ang iniisip mo? Umaasa ka ba na ngayon ay maaari mong matanggap ang iyong tagumpay?

Kapag ang isang babae ay nagdadalang-tao, sinasabi natin na siya ay umaasa. At habang nagtatagal ay lalo siyang umaasa sa darating.

Ang aking mga pagbubuntis ay kakaiba dahil dinala ko sa aking sinapupunan ang aking apat na anak na higit isang buwang lampas sa takdang araw ng aking panganganak. Sinabihan ako ng aking doktor na ako lamang ang babaeng kilala niya na nagbuntis kasinghaba ng panahon ng pagbubuntis ng isang elepante!

Sa pagtatapos ng bawat pagdadalang-tao ko, gumigising ako araw-araw at sinasabi, "Ngayon na ang araw – dapat na ito na ang araw!" Inihanda ko na ang lahat kong mga gamit para sa panganganak, dahil nagtitiwala ako at umaasa na ako'y manganganak anumang oras. Sa tuwing makakaramdam ako ng kirot, iniisip ko na manganganak na ako!

Ganito ang nais ng Diyos para sa iyo. Mayroon Siyang magandang plano sa buhay mo, at nais Niyang umasa ka sa mga magagandang bagay na iyon.

Sinasabi ng pag-asa: "Ang sitwasyon na ito sa aking buhay ay umiiral na sa mahabang panahon, subalit ang Diyos ay Diyos ng mga imposible kaya naman maaari pa ring mabago ang mga pangyayari."

HINDI KA PA BA NAWAWALAN NG PAG-ASA?

Gaya ng aking sinabi, dati ako ay taong madalas negatibo ang iniisip. Lagi kong nakikita ang isang baso na kalahati lamang ang laman – laging negatibo ang pananaw ko sa bawat sitwasyon.

Iyon ang dahilan kung bakit ako miserable. Ang pag-aalinlangan at pagiging negatibo ay nagpapabagsak sa atin subalit ang pag-asa ay nagbibigay kagalakan!

Ang pagkakaroon ng pag-asa ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng positibong pananaw at kaisipan. Ang mga tao na may pag-asa ay tinatanggihan ang pagiging negatibo. Bagaman hinaharap nila ang mga bagyo ng buhay, nananatili ang pag-asa sa kanilang kaisipan, gawi, at pananalita.

Madalas, tayo ay naghihintay na maramdaman nating tayo ay may pag-asa. Subalit ang pag-asa ay isang desisyon na maging positibo at hindi ito batay sa ating pakiramdam. Kapag gumawa tayo ng matatag na desisyon na mag-isip ng positibo, ang ating pakiramdam ay kasunod na sasang-ayon dito.

Sinasabi ng Zacarias 9:12, *Kayo, mga bilanggo, na di nawalan ng pag-asa, ay maaari nang bumalik sa inyong lupain. Ang magandang kalagayan ninyo noong unang panahon, ay aking hihigitan at pag-iibayuhin.*

Ang ibig sabihin nito ay anuman ang nangyayari sa ating buhay, hindi tayo nawawalan ng pag-asa at patuloy tayong nagtitiwala sa kakayahan ng Diyos.

Kapag ikaw ay hindi nawawalan ng pag-asa, hindi malaman ng kaaway kung ano ang kanyang gagawin. Maaaring padalhan ka niya ng mga negatibong kaisipan, subalit wala siyang kapangyarihan na saktan ka kapag ikaw ay patuloy na nagtitiwala sa Diyos.

Nais ng Diyos na pagpalain ka at higit ka pang pagpalain (Isaias 61:7). Ang dapat nating gawin ay manalig, magtiwala, at umasa sa Diyos.

PANAHON NA PARA MAGING MATATAG

Ang Hebreo 6:19 ay nagsasabi, *Ang pag-asang ito ang siyang matibay at matatag na angkla ng ating buhay, at ito'y umaabot hanggang sa kabila ng tabing ng templo, hanggang sa Dakong Kabanal-banalan.*

Ang angkla ay ginagamit upang ang bangka ay mapanatili sa isang lugar. Ang pag-asa ay matibay at matatag na angkla ng ating buhay. Nangangahulugan ito na kapag ang mga nangyayari sa ating buhay ay pangit at para bang ang mga pangako ng Diyos ay hindi matutupad, ang pag-asa ay nagpapaala-ala at nagsasabi sa atin, "Manghawakan ka sa mga pangako ng Diyos sapagkat ito ay totoong

magaganap!" Kinakailangan nating humakbang sa pananampalataya upang matanggap natin ang mga pangako ng Diyos.

Nais kong magbigay ng halimbawa. Mahigit nang 40 taon na ako ay nagpupunta sa ibat-ibang bansa upang magturo ng Salita ng Diyos. Subalit may mga panahon pa rin na bago ako magsimula sa aking pagtuturo ay nararamdaman ko na ako ay hindi karapat-dapat at kulang ang kakayahan ko para magturo.

Bago ako umakyat sa entablado, iniisip ko na ang Diyos ay sasamahan ako. Kaya kapag nagsimula na akong magturo, nararamdaman ko ang Kanyang tulong at gabay. Hindi ako binigo kailaman ng Diyos!

Sa marami sa inyo, ang Diyos ay naghihintay lamang na ikaw ay humakbang sa pananampalataya. Hinihintay Niya na gawin mo ang iyong bahagi upang makagawa Siya ng mga dakilang bagay sa iyong buhay.

Huwag mong hayaang magapi ka ng mga pangyayari sa iyong buhay. Maging matatag ka at matibay sa pag-asa. Sapagkat kapag ang iyong pag-asa ay sa Diyos, hindi ka mabibigo.

Naranasan ko na iyon nang madalas, at alam kong maraming mga tao ay nararanasan din ang mahihirap na sitwasyon sa buhay. Subalit ako ay nagpapasalamat sapagkat itinuro ng Diyos sa akin

na walang mahirap na sitwasyon na hindi Niya kayang lutasin!

Ating tingnan ang buhay ni Jose sa aklat ng Genesis (Genesis 37-50). Sinasabi ng Bibliya na siya ang paborito ng kanyang ama sa kanyang 12 anak, at ang kanyang mga kapatid ay naiinggit sa kanya dahil dito.

Kabanata 2

ANO ANG GAGAWIN KAPAG IKAW AY NASA MAHIRAP NA SITWASYON?

Isang araw, ibinahagi ni Jose sa kanyang mga kapatid ang tungkol sa kanyang panaginip. Sa kanyang panaginip, silang lahat na mga kapatid ni Jose ay yumukod sa kanya. Hindi ito naging maganda para sa kanyang mga kapatid.

Dahil sa pangyayaring ito, ang mga magkakapatid ay nagkasundong saktan si Jose. Noong una, inihulog nila siya sa balon upang iwanan doon hanggang sa mamatay. Subalit kanilang ipinasiya na ipagbili na lamang siya bilang alipin sa mga mangangalakal na Ismaelita. At sila ay nagplano upang paniwalain ang kanilang ama na si Jose ay patay na!

Kung alam mo ang kuwento, ito ay nagwakas sa pagtatagumpay. Si Jose ay naging pangalawang pinakamataas ang posisyon, sumunod sa Faraon. Nakapiling niyang muli ang kanyang pamilya, at lahat ay kanyang pinatawad.

Ang nangyari kay Jose ay patunay na anuman ang iyong pinadaraanan sa buhay, laging may pag-asa. Matutupad mo pa rin ang layunin ng Diyos sapagkat sa Kanya ay posible ang lahat!

Subalit ang bahagi ng istorya na dapat nating pagtuunan ng pansin ay kung ano ang naganap sa pagitan nang siya ay inihulog sa balon at nang siya ay nasa palasyo na. Pagtitiyaga ang isang mahalaga niyang katangian na nagdala sa kanya sa tagumpay. Dahil sa pananalig ni Jose sa Diyos, hindi siya sumuko!

HINDI TAYO DAPAT SUMUKO

Sa ating buhay, maaari tayong mahulog sa balon paminsan-minsan. Maaaring ito ay balon ng pisikal na sakit, pangangailangang pinansiyal, o problema sa relasyon. Kapag nangyayari iyon, kailangan mong maging determinado na anuman ang nangyayari, hindi ka susuko!

Lagi mong alalahanin, upang magkaroon ka ng magandang patotoo patungkol sa ginawa ng Diyos, kailangan mo munang magtagumpay sa pagsubok. Sinabi ito ni Hesus sa atin: … *Magdaranas kayo ng kapighatian sa mundong ito, ngunit tibayan ninyo ang inyong loob! Napagtagumpayan ko na ang sanlibutan!* (Juan 16:33).

Hindi maiiwasan na ikaw ay makakaranas ng mahihirap na sitwasyon. Minsan ay mararamdaman mong nais mo nang sumuko. Subalit kung magpapakatatag ka at magtitiwala sa Diyos, tutulungan ka Niya. Maaari Siyang gumawa ng mga dakila at magagandang bagay

sa gitna ng mga pangit na sitwasyon sa buhay (Roma 8:28).

Si Winston Churchill ay nagtalumpati sa harap ng mga magsisipagtapos sa Harrow School, taong 1941: *"Huwag kailanman, huwag kailanman, huwag kailanman, huwag kailanman, huwag susuko kailanman!* Sa malaki o maliit mang bagay – huwag susuko kailanman!

Hindi ko alam kung tanging iyon lamang ang kanyang sinabi, subalit naniniwala ako na ang Banal na Espiritu ay nangungusap sa atin ngayon – "Huwag kang sumuko, sapagkat ang Diyos ay maraming nais gawin para sa iyo!"

Madaling magpasya na sumuko kapag mahirap ang sitwasyon. Mayroong mga tao na minsan pakiramdan nila ay wala na silang pag-asa at wala nang mapupuntahan pa, kaya ang pagsuko para sa kanila ang pinakamadaling gawin.

Pakiramdam nila ay hindi sila malakas o hindi sila magaling; o dahil sa masaklap na pangyayari sa kanilang buhay nang nagdaang panahon, kaya iniisip nilang sumuko na lang.

Subalit ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa atin ng lakas upang magpatuloy hanggang sa tagumpay, kahit na ang mga pangyayari ay hindi ayon sa ating plano.

Ang pagkabigo ay hindi nangangahulugan na wala na tayong pamimilian. Maaari kang matuto

mula sa iyong mga kamalian – natutunan kong ang karanasan ay isang mabuting guro sa buhay! Kapag ikaw ay nabigo, bumangon kang muli at magsimula. Matututunan mo kung alin ang makakabuti at hindi makakatulong na gawin. Maaari na maging pagkakataon para sa iyo na maging mas matalino ka at matatag ka sa gitna ng mga hadlang na iyong nararanasan.

Nais ng Diyos na magkaroon ka ng magandang buhay, subalit ang tiyaga at pagtitiwala sa Diyos ay kinakailangan. Ang Banal na Espiritu ay pangungunahan ka tungo sa magandang plano ng Diyos para sa iyong buhay. Ang dapat nating gawin ay lumakad sa Kanyang mga gabay… at huwag sumuko!

ANO ANG GAGAWIN KAPAG IKAW AY NASASAKTAN?

Ang iyong pananananaw habang ikaw ay nasa iyong "balon" ay maaaring magdulot ng malaking kaibahan.

Alalahanin mo, ito ay panahon ng pagsubok… panahon na ang iyong karakter ay hinuhubog. Ang panahong ito ang tinatawag na "tahimik na panahon" sapagkat ito ang panahon na pakiramdam mo ay walang masyadong nangyayari sa iyong buhay.

O maaaring ikaw ay nagdaranas ng sakit ng kalooban, at pakiramdam mo ang Diyos

ay walang ginagawa kaugnay nito. Subalit mahalagang magtiwala ka sa Kanya sa ganitong panahon ng iyong buhay, sapagkat may ginagawa Siya sa iyong puso upang higit kang maging kawangis ni Cristo.

Ano ang gagawin mo kapag ikaw ay nasa loob ng iyong "balon?"

- *Huwag sumuko!* Labanan ang tukso na nagsasabing wala nang solusyon sa problema mo. Si Hesus ang kasagutan. Ito ang panahon na lalo kang maging malapit sa Kanya at sumunod sa Kanya.
- *Huwag sisihin ang Diyos o isipin na pinarurusahan ka Niya dahil sa kasalanan.* Ginagamit lamang Niya ang sitwasyong ito sa buhay mo upang makakilos Siya sa buhay mo. At habang ang nangyayari ay hindi maganda sa iyong pakiramdam, ang layunin ng Diyos ay palaging sa ikabubuti mo.
- *Gawin pa rin ang tama kahit na ikaw ay nasasaktan dahil hindi naging maganda ang pakikitungo ng ibang tao sa iyo.* Gumawa ka pa rin ng mabuti sa kanila.
- *Huwag kang lumayo sa iba dahil nagtatampo ka sa kanila.* Alalahanin mo, maaari kang maging kaawa-awa o makapangyarihan, subalit hindi puwede

pareho. Madalas, gagamitin ng Diyos ang ibang tao upang palakasin ka.

- *Tuparin ang iyong mga pangako.* Ito ay panahon ng paghubog sa pagkatao o karakter, at ikaw ay hinahanda upang dalhin ka sa iyong "palasyo."
- *Huwag tumigil sa pananalig sa Diyos* – huwag tumigil sa pag-asa na magagawa ng Diyos na baguhin ang sitwasyon sa iyong buhay!

Maaaring narinig mo na ang kuwento patungkol sa isang asno na nahulog sa balon.

Nang makita ng may-ari ng asno ang nangyari sa kanyang hayop, ipinasiya niya na dahil malalim ang balon at matanda na naman ang kanyang asno ay tabunan na lamang ang balon at sa gayon ay kasama na ring malibing ang kanyang asno.

Tinawag niya ang kanyang mga kaibigan upang tumulong, at sinimulan nilang tabunan ang balon kung saan naroon din ang asno.

Noong una ang asno ay umiiyak at natatakot. Hanggang sa napansin ng may-ari na ang asno ay natahimik. Inisip niya na maaaring patay na ang kanyang asno. Subalit hindi ito ang nangyari.

Nang tingnan ng may-ari ang asno sa loob ng balon, nakita niya na sa tuwing ang lupa na itinatabon ay nahuhulog sa likurang katawan ng asno, ang asno ay ipinapagpag ito at tinatapakan

ito. Ito ay nagpatuloy nang ilang oras, hanggang sa ang asno ay nakapagtipon ng lupa na sapat ang taas upang makaahon siya mula sa balon!

Mayroon tayong matututunan mula sa asnong iyon. Paminsan-minsan, maraming mga tatabon sa ating buhay. Maaaring ito ay sa larangan ng relasyon, pinansiyal, o kalusugan. Subalit ito rin ang panahon na ating sundin ang patnubay ng Banal na Espiritu. Ipapaunawa Niya sa iyo kung paano mo malalampasan ang mga pagsubok sa iyong buhay at gawin itong mga tuntungan upang ikaw ay magtagumpay sa buhay.

Lagi namang mayroong hadlang sa pagtatagumpay, subalit mayroon din namang mga paraan upang malampasan ang mga ito.

Hindi pa huli ang lahat – huwag ka lamang susuko! Habang ginagawa mo ang iyong bahagi – na ikaw ay hindi nawawalan ng pag-asa, patuloy na sumusulong, at hindi sumusuko – ang Diyos ay tapat na gagawin ang hindi mo makakaya.

Kaya kung ikaw ay nasa isang mahirap na sitwasyon at hindi mo alam kung ano ang gagawin, huwag kang susuko, sapagkat ikaw ay nasa tamang lugar para sa panibagong simula.

Kabanata 3

LAGING UMAASA

Dahil ako ay inabuso noong ako ay bata pa, nagkaroon ako ng takot sa aking puso at para bang laging mayroong pang masama na mangyayari sa aking buhay. Maaaring nauunawaan ninyo ang aking sinasabi.

Maraming mga pangit na pangyayari ang nangyari sa aking buhay kaya naman ako ay nag-aalala na laging mayroong mangyayari na pangit sa aking buhay, kahit na ako ay isa ng kristiyano.

Naalala ko isang umaga nang ako ay nanalangin sa Diyos, "Panginoon ano po ito? Bakit ko po ito nararamdaman palagi?"

Ang Diyos ay nangusap sa aking puso, "Iyan ay isang masamang pagkatakot." Hindi ko pa iyon naririnig, subalit makalipas ang ilang araw, nabasa ko sa Kawikaan 15:15, na sinasabi: *Lahat ng araw ng mahirap ay puno ng pakikipagbaka, ngunit ang masayahin, saganang piging ang kagaya.*

Lahat tayo ay haharap sa mahihirap na sitwasyon, at kapag nangyari ito, tayo ay natatakot at nababalisa lalo na tungkol sa

kinabukasan. Subalit dapat nating matutunan sa ganitong sitwasyon na tayo ay sumang-ayon sa Diyos at sa Kanyang mga Salita.

Maaari nating ipahayag ang ating pananampalataya sa pagsasabing, "Alam kong mahal ako ng Diyos. Iingatan Niya ako. Nananalig ako na bibigyan Niya ako ng biyaya at kalakasan upang gawin ko kung ano ang dapat kong gawin, at mayroong mabuting mangyayari sa gitna ng sitwasyong ito."

HUWAG MATAKOT!

Hindi nais ng Diyos na tayo ay maalipin ng takot kapag ang mga nangyayari sa atin ay hindi kaaya-aya. Nais Niyang umasa tayo sa mabubuting bagay at manatiling umaasa, anuman ang nangyayari.

At narito ang dalawang salita na makakatulong sa iyo upang magawa ito: *Huwag matakot.*

Ano ang takot? Ito ay simpleng pag-asa sa hindi magagandang karanasan sa buhay – ito ang kabaligtaran ng pag-asa.

Maaaring hindi nauunawaan ng maraming tao na sila ay may pagkatakot sa bawat araw. Natatakot sila pagpunta sa trabaho, takot sa haba ng trapiko sa lansangan, takot sa paghuhugas ng mga plato, takot sa paglalaba,

takot sa pagputol ng mga damo, takot sa pagluluto, at kung anu-ano pang mga pagkatakot sa buhay.

Subalit, ang takot ay ninanakaw ang ating kagalakan sa bawat araw. Ito ay magdadala sa atin sa kawalan ng pag-asa sa buhay. Sa halip, kayo ay aking hinihimok na tumigil sa pagiging miserable sa mga sitwasyon na hindi mo naman talaga kayang baguhin. Piliin mong maging masaya at hayaan ang Diyos na kumilos sa iyong buhay!

Sa lahat ng sitwasyon, kinakailangan nating magkaroon ng pag-uugali na nagsasabing, "Magagawa ko ang lahat ng dapat kong gawin, at hindi ako hihinto na maging masaya sa buhay, anuman ang mga nangyayari. Hindi ako ang nagplano sa mga bagay na ito, subalit alam ko na mayroong gagawin ang Diyos para sa aking ikabubuti."

Hindi ko sinasabi na ito ay mag-aalis sa iyong mga suliranin. Subalit, ang piliin mo na huwag matakot ay tiyak na pabubutihin ang kalagayan ng iyong buhay!

MATUTONG MAGING MASAYA SA MALILIIT NA BAGAY

Ang pagkakaroon ng matagumpay na buhay ay hindi lang nakabatay sa mga "malalaking"

bagay sa buhay – ito ay nagsisimula sa mga maliliit na bagay. Nais ng Panginoon na magkaroon tayo ng tagumpay at kagalakan sa bawat aspeto ng ating buhay, at ang paggapi sa takot ay isang malaking bahagi nito. Ang ating pagpili na magkaroon ng positibo at umaasang pag-uugali ay magdudulot ng pagbabago sa ating buhay!

Tunay na mayroong ilang maliliit na bagay sa ating buhay na hindi masyadong nagdudulot ng kagalakan; gayunman, hindi nito dapat sirain ang bawat araw natin. Ang pagpili ay sa atin kung anong pag-uugali magkakaroon tayo.

Ugali ko na gawin kong lahat ang mga gawaing bahay. Ang aking asawa na si Dave ay naglalaro ng golf at ang aming mga anak ay nagkakalat sa bahay. Nagluluto ako, hinuhugasan ang mga plato, at naglalaba. Nais kong malaman kung mayroon bang nagmamalasakit sa akin!

Sa totoo lang, wala namang pumipilit sa akin na gawin ko ang lahat ng iyon. Ginagawa ko lahat iyon sapagkat mahal ko ang aking pamilya. Subalit, bihira kong maramdaman na ako ay masaya sa paggawa nito sapagkat negatibo ang aking pag-uugali.

Maaaring ang iyong sitwasyon ay hindi katulad ng mga gawaing bahay, subalit lahat tayo ay

natutukso na maging malungkot sa ating sarili at matakot.

Kahit na ang nangyayari sa ating buhay ay mahirap at hindi kaaya-aya, maaari pa rin tayong maging positibo sa ating buhay. At kapag ginawa natin ito, tayo ay sumasang-ayon sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay laging positibo.

PAGTUUNAN NG PANSIN ANG POSITIBO

Kapag ikaw ay humaharap sa negatibong sitwasyon, piliin mong magtuon ng pansin sa kung ano ang mabuti!

Halimbawa, kung ikaw ay natigil dahil sa trapiko, sabihin mo, "Ako ay umuusad ng mabagal at tila nahuhuli, subalit baka ito ang paraan ng Diyos upang ingatan ako sa aksidente na maaaring mangyari kung ako ay magiging mabilis."

Ito ay makakatulong sa maliit man o malaking sitwasyon. Kung ito man ay pagkatanggal sa trabaho, maaari mo pa ring piliin na magtuon ng pansin sa positibong bagay at sabihin, "Nawalan ako ng trabaho, subalit ngayon ay mararanasan ko na bigyan ako ng Diyos ng mas magandang trabaho."

Sinasabi ng Bibliya, …*Ngunit si Yahweh ay naghihintay upang tulungan kayo at kahabagan; sapagkat si Yahweh ay Diyos na makatarungan; mapalad ang lahat ng nagtitiwala sa kanya…* (Isaias 30:18).

Anuman ang nangyayari sa iyong buhay, nais ng Diyos na gawin itong mas mainam – isang plano na puno ng pag-asa at mabubuting bagay. Kaya hinihimok kitang sumang-ayon sa Kanya.

Mabuhay ka sa bawat araw na ang ugali ay positibo at umaasa, at piliin mong huwag matakot. Kung gagawin mo ito, mararanasan mo ang kagalakan sa iyong buhay.

Kabanata 4

NAGTIWALA SA DIYOS SA GITNA NG BAGYO

Natutunan ko na iba ang pagtitiwala sa Diyos sa anumang bagay at ang pagtitiwala sa Diyos sa pamamagitan ng isang bagay.

Nakakasumpong ako ng kaaliwan mula sa Isaias 43:2-3. Sinasabi nito, *Kapag dumaan ka sa malalim na tubig, sasamahan kita; tumawid ka man sa mga ilog, hindi ka malulunod; dumaan ka man sa apoy, hindi ka masusunog, hindi ka matutupok. Sapagkat ako si Yahweh na iyong Diyos…*

Kapag ikaw ay dumaranas ng mahihirap na sitwasyon, mahalagang tandaan na ang Diyos ay kasama mo, at maaari mo Siyang pagtiwalaan upang tulungan ka.

Halimbawa, mahirap manatili sa pananampalataya kung ang mga nangyayari sa buhay mo ay tila hindi patas. Lalo na kung ginagawa mo ang mabuti at tama subalit pakiramdam mo ay hindi nangyayari ang dapat na mangyari.

O kaya: Nakita mo ang iba na mali ang ginagawa, ngunit para bang mas maganda ang kalagayan nila sa buhay! May mga panahon sa ating buhay na ang pakiramdam mo ang lahat ay parang

babagsak at walang katiyakan, na ang tanging solusyon ay ang patuloy na magtiwala sa Diyos.

Natutunan ko rin mula sa karanasan na gagamitin ng Diyos ang ganitong mga pagkakataon para sa ating ikabubuti. Kapag ang buhay ay tila baga mabuway, gagamitin ng Diyos ang sitwasyong ito upang tayo ay lumago, lalong maging malapit sa Kanya, at lalo tayong manghawakan sa Bato ng Ating Kaligtasan – si Hesu-kristo – Siya na hindi matitinag kailanman! (Awit 62:2, 6).

PAGLAGO SA GITNA NG PANAHON NG KAGIPITAN

Maaaring ito ay katawa-tawa, subalit dumating ako sa punto ng aking buhay na naniniwala akong ang mga pagsubok at mahihirap na sitwasyon ay maituturing na mabubuti nating kaibigan. Bakit? Sapagkat ginagamit ito ng Panginoon upang turuan tayo, hubugin tayo, at palaguin tayo sa mga paraan na hindi natin magagawa sa ating sarili.

Sa katunayan, sinasabi ng Santiago 1:2-3, *Mga kapatid, magalak kayo kapag kayo'y dumaranas ng iba't ibang uri ng pagsubok. Dapat ninyong malaman na napatatatag ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng mga pagsubok.*

Ang mga pagsubok at pagdurusa ay hindi mula sa Diyos, subalit gagamitin Niya iyon upang higit

tayong patatagin at tulungan tayong maranasan ang mas payapa at matatag na buhay.

Ang mga mahihirap na panahon sa ating buhay ay nagiging sanhi upang mahubog tayo sa pagkatao na nararapat para sa atin. Kapag nakakaranas tayo ng sitwasyon na mahirap para sa atin o higit sa ating kakayahan, tinuturuan tayo nito na sumandig sa Diyos, sapagkat nalalaman natin na hindi natin kayang lutasin ang ating problema sa ating sariling kakayahan.

Nais ng Panginoon na lumapit tayo sa Kanya para tayo lumakas at maging matatag kahit na tayo ay nasa gitna ng mga pagsubok sa buhay. Nais Niya na magkaroon tayo ng kagalakan sa Kanya, kahit na ang mga nangyayari sa ating buhay ay hindi kaaya-aya (Nehemias 8:10).

Katulad ng diamante na binubuo sa pamamagitan ng matinding presyur, madalas ay ginagamit ng Diyos ang mga mahihirap na sitwasyon sa ating buhay upang tayo ay magpakumbaba, hubugin ang ating karakter, itulad tayo sa Kanyang wangis… at ihanda tayo sa marami pang magagandang bagay sa hinaharap.

TINUTULUNGAN TAYO NG MGA PAGSUBOK NA MAGTIWALA SA DIYOS

Mayroong kalayaang matatamo kung tayo ay magtitiwala sa Diyos. Kapag may nangyayari na salungat sa ating naisin, sa halip na tayo ay

malungkot o masaktan, magtiwala tayo na ang Diyos ay mayroong plano na mas mainam kaysa sa ating plano, at ipahihintulot Niyang mangyari ang mga bagay para sa ating kabutihan (Roma 8:28).

Kailangan natin itong maunawaan dahil minsan tayo ay nasasaktan sa mga ginagawa ng Diyos o ipinahihintulot Niya sa ating buhay, kagaya nang kapag ang ibang tao ay umuunlad sa kanilang buhay. Maaaring nagkakaroon tayo ng pananaw na tayo ay mas matuwid kaysa sa iba kung kaya karapat-dapat lamang na tayo ay pagpalain ng Diyos.

Halimbawa, nais mo ng promosyon sa trabaho, subalit iba ang binigyan nito sa halip na ikaw. Ano ang dapat mong gawin?

Puwede kang masaktan at dahil dito ay maapektuhan na rin ang iyong buhay espirituwal. O maaari mong pagtiwalaan ang Diyos at sabihing, "Panginoon, kung ito ang nais mo para sa akin sa ngayon, paglilingkuran ko pa rin ang aking amo nang may ngiti sa aking labi. At alam ko na kung nais mo akong ilagay sa iba, gagawin mo ito sa lyong tamang panahon.

Napatunayan kong mas matalino ang Diyos kaysa sa atin! Minsan hindi Niya ibinibigay ang ating nais sapagkat mayroong Siyang ibang layunin para sa atin na mas mainam at mas maganda.

Halimbawa, maraming ulit ang Panginoon ay pinapayagan akong dumaaan sa mahihirap na sitwasyon. Minsan ito ay lubhang mahirap para sa akin, lalo na kapag nakikita ko ang ibang tao na madaling nagtatagumpay sa kanilang naisin na pareho sa aking naisin.

Subalit kapag pinapahintulot ng Diyos na ako ay magdanas nito, ipinapaunawa sa akin ng Diyos ang pinagdadaanan ng ibang tao, kaya nauunawaan ko ang kanilang sakit ng kalooban at ito ay nakakatulong sa akin na pagtagumpayan ito.

Kung hindi dahil sa mahihirap na sitwasyon ng aking buhay – mga pangyayari na tumulong para sa aking paglago at katatagan – hindi ko matutulungan ang mga tao gaya ng ginagawa ko sa ngayon!

Hindi nangako ang Diyos ng buhay na walang suliranin, subalit nangako Siya na hindi Niya tayo iiwan o pababayaan (Hebreo 13:5). Sa panahon ng kagipitan, maaari tayong magtamo ng kaaliwan yamang ating nauuunawaan na mahal Niya tayo at mayroong Siyang plano na tulungan tayo.

ANG DIYOS AY SUMASAIYO SA LAHAT NG PANAHON

Nais kong himukin ka na maging determinado sa iyong desisyon na magtiwala sa Diyos sa buong

buhay mo. Kapag ikaw ay nakakaranas ng bagyo sa buhay o kaya ay hindi mo nauunawaan ang mga nangyayari, iyon ang sandali na lalo kang magtiwala sa Kanya kahit na anuman ang iyong iniisip o nararamdaman, kahit anupaman ang pananaw mo sa nangyayari sa iyong buhay.

At habang ikaw ay nagtitiwala sa Diyos, bibigyan ka Niya ng katatagan dahil sa Kanyang presensiya sa iyong buhay.

Ikaw ba ay may pinagdadaanang mahirap na sitwasyon sa iyong buhay? Mayroon bang pagsubok na lubhang mahirap para sa iyo? Kung gayon, hinihimok kitang manalangin ngayon.

"Panginoon, nagpapasalamat ako na lagi Mo akong sinasamahan – sa panahon ng ginhawa at maging sa panahon ng kagipitan. Nawa tulungan Mo akong maging mas malapit sa Iyo lalo na kapag ang aking buhay ay tila walang kabuluhan. Nagtitiwala ako sa Iyo, at nalalaman ko na kikilos Ka para sa aking kabutihan. Sa pangalan ni Hesus, ito ang aking panalangin. Amen."

Tandaan mo, ang pinagdadaanan mo ngayon ay hindi pangwalang hanggan. Kapag ako ay dumaranas ng mahihirap na sitwasyon, nais kong paalalahanan ang aking sarili, "Ito ay lilipas din." Pansamantala, magtiwala ka sa Diyos at hayaan mo Siyang bigyan ka ng kagalakan sa gitna ng iyong pagsubok.

Makakabuti rin na manatili sa Salita ng Diyos at palakasin ang sarili sa pamamagitan ng mga talata sa Bibliya katulad ng Isaias 41:10. Sinasabi ng Diyos, *Ako'y sasaiyo, huwag kang matakot, ako ang iyong Diyos, hindi ka dapat mangamba. Palalakasin kita at tutulungan, iingatan at ililigtas.*

Anuman ang iyong pinagdaraanan ngayon, hinihimok kitang maghintay ka lang at huwag susuko. Magpasiya ka na magkaroon ng mabuting ugali at patuloy na magtiwala sa Diyos. Sapagkat si Hesus ay sumasaiyo sa bawat bagyo ng buhay, at ikaw ay magiging mas malakas.

Kabanata 5

LAHAT NG BAGAY BAGO

Kung ikaw ay bigo at pakiramdam mo ay wala kang pag-asa, makakatulong ng malaki na iyong alalahanin ang ginawang pagtulong sa iyo ng Panginoon sa nagdaang panahon ng iyong buhay. Makakapagpalakas din ng iyong loob kung gugunitain mo ang Kanyang katapatan sa ibang mga tao – mga tao na katulad mo na nangangailangan ng tulong ng Diyos.

Napansin mo ba sa Bibliya ang mga tao na binigyan ng Diyos ng panibagong simula?

Si Moises ay matanda na nang siya ay kinatagpo at tinawag ng Diyos upang pangunahan ang bayang Israel. Bago ito, siya ay gumugol ng 40 taon sa ilang! Hindi niya alam ang patungkol sa plano ng Diyos. (Exodo 1-4)

Si David, isang hamak na pastol, ay tinawag ng Diyos na maging hari ng Israel. Siya ay hindi kilala at isa lamang na ordinaryong tao – ang huling tao na napili para maging hari. Subalit ginamit siya ng Diyos upang pangunahan ang Kanyang bayan. (1 Samuel 16)

Si Pedro, ang apostol na nagtatuwa kay Cristo. Siya ay pinatawad at itinalaga na mangaral at luwalhatiin ang Diyos. (Lucas 22:54-62; Juan 21; Gawa 3)

Si Pablo, na noong una ay umuusig sa mga tagasunod ng Diyos. Siya ay nabago habang siya ay nasa daan patungong Damasco at siya rin ang sumulat ng malaking bahagi ng Bagong Tipan. (Gawa 9:1-22)

Kapag inisip mo ang mga tao sa Banal na Kasulatan na pinatawad ng Diyos, tinubos at ginamit ng lubos, mag-aalinlangan ka ba na magagawa rin iyon ng Diyos sa buhay mo?

Ang ating Diyos ay Diyos ng pag-asa, ikalawang pagkakataon, at panibagong simula. Walang limitasyon ang magagawa Niya sa iyong buhay.

PANANAW NG PAG-ASA

Alalahanin mo, ang pag-asa ang angkla ng ating buhay. Kapag ang paligid ay madilim at wala tayong makitang kasagutan, iyon ang sandali na ang pag-asa ay kinakailangan at magpapa-alaala ito sa atin na ang panibagong simula ay paparating.

Kapag tayo ay pagod na at suko na, ang pag-asa ang nagpapanatili ng lakas ng ating kalooban at patuloy na panghahawakan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya.

Muli, ang pag-asa ay pagiging tiyak sa ating inaasahan. Ito ay positibong pag-uugali at masayang pag-asam sa magandang mangyayari.

Ang tunay na pag-asa ay hindi isang mababaw na pag-asam lamang, kundi ito ay pananalig at

pagtitiwala sa kung ano ang ipinangako ng Diyos na Kanyang gagawin. Ang Diyos ay naghahanap ng pagkakataon na maging mabuti Siya sa Kanyang mga anak, at nais Niyang asahan natin ito!

Sa 1 Tesalonica 5:8, ang pag-asa ay tinawag na isang helmet. Kaya nga, kung ano ang iniisip natin ay mahalaga. Ang ating pag-uugali at kung ano ang inaasahan natin ay mayroong kinalaman sa ating mga iniisip at sinasabi!

Hinihimok kita na kontrolin mo ang iyong kaisipan at mga salita. Kapag ikaw ay nagising sa umaga, huwag kang mag-isip na gaya ng, Siguro naman ay makakalampas din ako sa araw na ito.

Sa halip, umasa ka ng mabubuting bagay mula sa Diyos. Mag-isip ka at ideklara ang mga bagay na ito:

Panginoon, Salamat sa Iyo dahil sa araw na ito! Alam ko na mahal Mo ako at mayroon kang magandang plano sa aking buhay sa araw na ito. Hiwalay sa Iyo ay wala akong magagawa, ngunit dahil kay Cristo ay magagawa ko ang dapat kong gawin. At sa tulong Mo, magkakaroon ako ng Mabuti at positibong pag-uugali.

At umasa ka sa iyong pagtatagumpay at bagong simula. Sabihin mo, "Ang araw na ito ang araw ng tagumpay para sa akin!"

Mahalagang maunawaan natin na hindi tayo dapat mabuhay ayon sa ating nararamdaman kung nais nating magkaroon ng positibo at buhay na puno ng pag-asa. Kapag ang ating nararamdaman ay negatibo at hindi tayo padadaig doon, lilipas din ang lahat ng iyon.

Huwag mong hintayin na maramdaman mo munang ikaw ay mayroong pag-asa, sa halip, magpasiya ka na ikaw ay aasa. Kapag ikaw ay nagpasya na mag-isip ng positibo, bawat araw ay may kaisipan na puno ng pananampalataya, ang iyong pakiramdam ay sasang-ayon din sa iyong desisyon!

LUMABAS KA SA IYONG TOLDA

Maraming taon na ang nakakalipas, nagtanong ako sa Panginoon, "Bakit wala ng espesyal na mga nangyayari sa aking buhay?" Ang Diyos ay nangusap sa aking puso at sinabi, "Joyce, ginagawa ko pa rin naman ang lahat ng iyon. Nasanay ka na lang kasi sa mga gawa ko na iyon."

Nais ng Diyos na tayo ay mamangha sa Kanyang kabutihan sa ating buhay… na lagi nating napapansin ang mga dakilang gawa Niya sa ating buhay. Bakit? Sapagkat kapag tayo ay namamangha sa Kanya, hindi tayo mawawalan ng pag-asa! Tunghayan natin ang kuwento ni Abraham…

Pinagpalang lubos ng Diyos si Abraham. Subalit siya at ang kanyang asawa na si Sara ay walang anak. Sinabi ni Abraham, *…Panginoong Yahweh, ano pang kabuluhan ng gantimpala mo sa akin kung wala naman akong anak? Dinala siya ni Yahweh sa labas at sinabi sa kanya, "Tumingin ka sa langit at masdan mo ang mga bituin! Mabibilang mo ba iyan? Ganyan karami ang magiging lahi mo."* (Genesis 15:2, 5).

Kahit na ang sitwasyon sa buhay na Abraham ay napakahirap, dinala siya ng Panginoon sa labas ng kanyang tolda upang ipaalala sa kanya na magagawa Niya kahit ang mga imposibleng bagay.

Naniniwala ako na madalas ay nasa "loob lamang tayo ng ating tolda," nakatuon ang pansin sa ating mga suliranin. Kaya nga sinabi ng Bibliya iwasan natin ang lahat ng sa atin ay umaabala o gumagambala at ituon natin ang ating paningin kay Hesus na Siyang may-akda at nagpapakasakdal ng ating pananampalataya. (Hebreo 12:2)

Sa tuwing tayo ay mananalangin, nagbabasa ng Salita ng Diyos o kaya ay inaalala ang mga ginawa ng Diyos dati sa ating buhay, ito ay nagbibigay pag-asa. At katulad ni Abraham, nagsisimula tayong mag-isip, Ito man ay kayang gawin ng Diyos sa akin!

Kapag ang buhay ay mahirap at tayo ay pinanghihinaan ng loob, lumabas tayo sa ating tolda at pakinggan natin ang mensahe ng Diyos sa atin. Kapag ginawa mo ito, mauunawaan mong naghihintay lamang pala ng pagkakataon ang Diyos na ipakita sa iyo ang Kanyang mga kahanga-hangang bagay.

SA GITNA NG NAPAKAHIRAP NA SITWASYON

Madaling magkaroon ng pag-asa para sa ibang tao. Madaling sabihin sa iba na, "Kaya mo iyan, magtiwala ka lamang sa Diyos at tutulungan ka Niya."

Subalit ibang usapan na kapag ikaw na mismo ang nasa ganoong sitwasyon. Karaniwan ay sumusuko tayo at nawawalan ng pag-asa.

Subalit hindi pa huli ang lahat! Maaari ka pa ring makapagsimulang muli sa pamamagitan ni Cristo. Ang iyong karanasan dati ay hindi mo destinasyon. Kung hindi ka mawawalan ng pag-asa, at hahayaan mong kumilos ang Banal na Espiritu, hindi lamang ibabalik ng Diyos ang nawala sa iyo, kundi gagawin Niyang mas mainam pa ang buhay mo.

Sinasabi ng Joel 2:25-26. Habang binabasa mo ito, isapuso mo ito. Tanggapin mo ito ngayon.

Ibabalik ko ang lahat ng nawala sa inyo nang pinsalain ng katakut-takot na balang ang inyong mga pananim. Ako ang nagpadala ng hukbong ito laban sa inyo. Magkakaroon kayo ngayon ng saganang pagkain at kayo'y mabubusog. Pupurihin ninyo si Yahweh na inyong Diyos, na gumawa ng mga kahanga- hangang bagay para sa inyo. Hindi na muli pang kukutyain ang aking bayan.

Bilang tao na nasa wastong gulang na, napaniwala ako na dahil ako ay inabuso noong ako ay bata pa, ito na ang nagwasak ng aking buhay. Pakiramdam ko ay hindi na gaganda pa ang buhay ko kagaya ng buhay ng ibang tao.

Subalit posible ang lahat ng bagay sa Diyos! Kapag tila baga wala ng pag-asa, ang nakikita ng Diyos ay panibagong simula. Nais Niyang kuhanin ang ating sakit ng kalooban, ito ay Kanyang pagagalingin, at higit na pagpapalain ang ating buhay!

Tingnan natin ang Isaias 61:7. Sinasabi nito, *Sa halip na kahihiyan, ang bayan ko'y tatanggap ng kasaganaan. Sa halip na paghamak, sila'y magsasaya sa kanilang minana, magiging doble ang inyong kayamanan; at ang inyong kagalaka'y magpasawalang hanggan.*

Madalas kong sinasabi na sa Diyos, kapag ang unang plano ay nabigo, lagi Siyang may ikalawang

plano – at ito ay mas mainam kaysa sa unang plano! Ang Diyos ay Diyos ng pagpapanumbalik at mga bagong simula. Kung hahayaan mo lamang Siya sa iyong buhay, bibigyan ka Niya ng panibagong simula – bibigyan ka Niya ng higit pa kaysa dati!

Kabanata 6

PAANO MAGKAKAROON NG KALAKASAN KAPAG IKAW AY PINANGHIHINAAN NG LOOB?

Lahat tayo ay nakakaranas ng panghihina ng kalooban dahil sa iba't ibang dahilan, subalit hindi natin dapat hayaan ang mga pangyayari ang kumontrol sa ating emosyon.

Ninanais ni Satanas na punuin ang ating isip ng mga negatibong kaisipan na nagiging dahilan upang mawala ang ating kagalakan. Siya ang nagpapahina ng ating kalooban, at nais niyang ibagsak sa anumang paraan ang emosyonal, espirituwal, at pinansiyal na aspeto ng ating buhay.

Subalit si Hesus ang Siyang nagpapalakas sa ating kalooban, at nais Niyang ibangon tayo. Ibig Niya tayong dulutan ng katuwiran, kapayapaan at kagalakan. Nais Niyang umasa tayo ng mabubuting bagay para sa ating kinabukasan at tayo ay mapuno ng pag-asa.

Bawat isa ay nakakaranas ng kabiguan sa ating mga plano at pangarap sa buhay. Kapag ang mga nangyayari ay hindi ayon sa ating ninanais, normal lamang na tayo ay pinanghihinaan ng loob at nakakaramdam ng kabiguan.

Dapat tayong maging maingat sa ating pakikitungo sa ganitong damdamin, sapagkat kung tayo ay mananatili dito, ito ay hahantong sa depresyon o matinding pagkalumbay.

Sinasabi ng Awit 30:5, …*Sa buong magdamag, luha ma'y pumatak, pagsapit ng umaga, kapalit ay galak.*

May mga bagay na magdudulot sa atin ng pansamantalang kalungkutan, subalit hindi tayo dapat manatili sa kalungkutan. Kung tayo ay mananatiling malungkot, ang kaaway ay magsasamantala at magdadala pa sa atin ng mas malubha o mas seryosong problema.

Gayunman, kapag tayo ay nabibigo, sa Diyos ay maaari tayong makasumpong ng katagumpayan. Maaari tayong lumapit sa Kanya para sa panibagong pag-asa at kalakasan upang muli tayong makabangon.

BIGYAN PANSIN MO ANG IYONG MGA NARARAMDAMAN

Kung ikaw ay nakaranas na ng depresyon, alam mo na ito ay totoo. Pakiramdam mo ay nag-iisa ka at walang pag-asa …para bang ang lahat sa ating buhay ay babagsak na.

Ang depresyon ay maaaring bunga ng hindi balaseng kemikal sa pisikal na katawan ng isang tao, at hindi ito biro. May mga sandali na ang Panginoon ay gagabayan ang tao na sumangguni sa isang doktor o sikologo na maaaring

makatulong sa pag-ugat ng isang suliranin. Naniniwala ako na ang kaalamang medikal ay mula sa Diyos at ito ay maaaring Niyang gamiting kasangkapan.

Gayunman, para sa maraming tao, ang depresyon ay may kaugnayan din sa espirituwal na aspeto ng tao. Ginagamit ni Satanas ang depresyon upang nakawin ang kalayaan at kapangyarihang espirituwal ng isang tao – ninanais niyang punuin ang ating kaisipan ng mga masasama at sa gayon ay panghinain ang emosyonal na bahagi ng ating buhay,

Subalit nais ng Diyos na makalaya tayo mula sa depresyon. Nais Niyang bigyan tayo ng kagalakan at pag-asa sa mabubuting bagay. Upang tayo ay makiisa sa Kanya, dapat nating matutunan ang pamumuhay na hindi ayon sa ating pakiramdam.

Madalas kong sinasabi na ang ating damdamin ay maaari nating maging kaaway. Madaling madala ng ating pakiramdam, subalit dapat nating maunawaan na ang pakiramdam ay pabagu-bago!

Hindi natin dapat sundin bawat kaisipan o pakiramdam natin na salungat sa katotohanan na sinasabi ng Diyos patungkol sa atin.

Sa maraming taon ng aking buhay, nakaranas ako ng depresyon. Gumigising ako sa umaga at ang nararamdaman ko ay depresyon. Ito ay sarili kong kaisipan, na hindi ko nauunawaan na ang kaaway ang siyang nagsisilid nito sa aking isip.

Hanggang sa ako ay ilapit ng Diyos sa Kanyang presensiya at nagsimula akong mag-aral ng Kanyang salita. Aking natutunan na hindi ko dapat sundin ang lahat kong pakiramdam at kaisipan. Nagsimula kong sabihin sa aking sarili, "Hindi ako panghihinaan ng loob at hindi ako malulungkot!"

Lagi naman tayong may pakiramdam – hindi ito mawawala. Gayunman, nasa atin ang pamimili kung ipapahintulot natin o hindi ang ating pakiramdam ang kumontrol ng ating buhay.

SURIIN ANG IYONG MGA INIISIP

Ang isip ay may mahalagang gampanin sa pagtatagumpay laban sa panghihina ng kalooban at depresyon. Alam mo ba na kung ano ang iniisip mo ay nakakaapekto sa buhay mo?

Sinasabi ng Kawikaan 23:7, *Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa kanyang puso, ay iyon siya…*

Ang ating isip ay makapangyarihan! Kapag pinili nating magtuon ng pansin sa mga negatibong bagay patungkol sa ating sarili o sa mga negatibong nangyayari sa atin, ito ay hahantong sa panghihina ng kalooban at depresyon.

Ilang taon na ang nakakalipas, ako ay nakipaglaban sa kanser sa suso, at ito ay isang matinding pagsubok sa aking buhay. Alam ko na lalo lamang lulubha ang sitwasyon kung hahayaan ko ang aking kaisipan na matuon sa negatibo.

Sa panahon na iyon, inilagay ng Diyos sa aking puso upang maging laman ng isip ang mga bagay na ito, at sabihin ko sa aking sarili. Mag-iisip ako at magsasalita:

"Diyos ko, alam ko na mahal Mo ako. Nananalig ako na ipahihintulot Mo ang lahat ng bagay para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa Iyo at tinawag ayon sa Iyong layunin. Nagtitiwala ako sa Iyo, at hindi ako matatakot." (Roma 8:28, 35-39; Josue 1:9; Kawikaan 3:5)

Kapag lagi mong binabasa ang Salita ng Diyos, ito ay matatanim sa iyong puso at magdudulot ng pagbabago sa buhay mo.

Sinasabi ng Hebreo 4:12 na ang Salita ng Diyos ay buhay at makapangyarihan. Ito ay may kakayahang baguhin ang pananaw mo sa iyong sarili at kinabukasan.

Habang napupuno ang iyong kaisipan ng sinasabi ng Diyos patungkol sa iyong sarili at aangkinin mo ang mga pangako Niya para sa iyo, ito ay magbibigay ng pag-asa sa iyo at patatatagin ang iyong pananampalataya.

PAYO MULA SA BIBLIYA PARA SA DEPRESYON

Katulad ng nabanggit ko, ang depresyon minsan ay dahil sa hindi balanseng kemikal sa pisikal na katawan ng tao, kung kaya mahalagang pahintulutan ang mga doktor upang makatulong ayon na rin sa paggabay ng Diyos. Subalit kahit

kumunsulta sa doktor, makakabuti pa ring ilagak natin ang ating pagtitiwala sa Diyos na ating manggagamot.

Ang depresyon minsan ay isa ring pakikibakang espirituwal… at ang Bibliya ay tinuturuan tayo kung paano natin ito lalabanan.

Sinasabi ng Isaias 61:3 *…kaligayahan sa halip na bigyan ng kapighatian, awit ng kagalakan sa halip na kalungkutan…*

Maaaring hindi natin laging nararamdaman na nais nating purihin ang Diyos, subalit ang tayo ay manalangin sa Kanya at pasalamatan Siya dahil sa Kanyang kabutihan ay isang mabisang sandata upang labanan ang panghihina ng kalooban at depresyon.

Ito ay nangangahulugan na ating inaanyayahan ang presensiya ng Diyos sa ating sitwasyon, na magbibigay sa atin ng Kanyang kalakasan, kapayapaan at kagalakan. Sinasabi ng Filipos 4:4, *Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko, magalak kayo!*

Ang pagpupuri sa Diyos sa gitna ng ating mahihirap na karanasan ay isang napakabuting bagay na maaari nating gawin. Bakit? Sapagkat kapag itinuon natin ang ating pansin sa Diyos at magsimula tayong magalak sa Kanyang mga mabuting ginawa, napapatunayan natin na mas malaki ang ating Diyos kaysa sa ating mga problema.

Ang Diyos ay laging mabuti, anuman ang nangyayari sa ating buhay. Siya ang pinagmumulan ng ating kagalakan, at maaari tayong lumapit sa Kanya anumang oras natin naisin para tayo ay Kanyang tulungan.

Sinasabi ng Awit 16:11, *…sa piling Mo'y madarama ang lubos na kagalakan; ang tulong Mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan.*

Kapag sinasamba natin ang Diyos, inaanyayahan natin ang Kanyang presensiya sa ating buhay. Pinapalitan Niya ang ating panghihina ng kalooban at kalungkutan ng Kanyang kagalakan at kapayapaan …na nagbibigay sa atin ng pag-asa at bagong buhay sa gitna ng sitwasyon na ating hinaharap.

Hindi natin laging magagawang baguhin ang mga nangyayari sa ating buhay, subalit ang presensiya ng Diyos ay magagawa tayong baguhin – ang ating kaisipan, pakiramdam, at pananaw sa buhay.

HAYAAN MONG KUNIN NG DIYOS ANG IYONG SAKIT

Makakaranas pa rin tayo ng sakit at kabiguan sa buhay, subalit hindi natin dapat ipahintulot na ang nangyayari sa ngayon ay wasakin ang ating kinabukasan.

Mayroon tayong pagpipilian. Maaari nating iwanan o limutin na ang mga pangyayari sa ating buhay na nagdulot ng panghihina ng ating loob

at depresyon, at magtuon tayo sa mabubuting bagay na inilalaan ng Diyos para sa ating kinabukasan.

Sinasabi ng 1 Pedro 5:9, *…siya'y labanan ninyo (ang diyablo)*. Mahalagang ating labanan kaagad ang panghihina ng kalooban at depresyon, sapagkat kung ating ipahihintulot ito na manatili sa ating buhay, mas mahiirapan tayong labanan ito!

Nasabi ko na ito: Kung hindi ka magpapalinlang sa mga ginagawa ni Satanas, hindi ka niya maaalipin; at kung hindi ka niya maaalipin, hindi ka niya magagawang palungkutin.

Sa susunod na makaranas ka ng sitwasyon na para bang magpapahina sa iyo, lumapit ka sa Banal na Espiritu at hayaan Mo siyang punuin ka ng pag-asa. Piliin mong manalig sa sinasabi ng Diyos sa halip na manangan ka sa iyong nararamdaman. Mag-isip ka ng positibo at magsalita ka ng positibo, pag-asa mula sa Salita ng Diyos.

Huwag hayaan ang panghihina ng kalooban at depresyon na maghari sa iyong buhay. Hayaan mong palakasin ka ng Diyos ng pag-asa.

Sapagkat anuman ang nagyayari sa iyong buhay, ang Diyos ay handa kang tulungan at kunin ang iyong sakit… *at gumawa Siya ng mabuting bagay sa buhay mo.*

PANGWAKAS

IKAW BA AY NASA GIPIT NA KALAGAYAN?

Kung ikaw ay nasa gipit na kalagayan ngayon, nais kong malaman mo na mahal ka ng Diyos. Nakikita Niya ang nangyayari sa buhay mo, Siya ay kasama mo, at nais ka Niyang tulungan.

Sinasabi ng Awit 34:18, …*Ang PANGINOON ay malapit sa may pusong wasak, at inililigtas ang mga may bagbag na diwa*. Kapag tayo ay nasasaktan, dinadamayan tayo ng Diyos.

Maaaring humaharap ka ngayon sa isang imposibleng sitwasyon. Subalit nais kong malaman mo na ang Diyos ay makagagawa ng mga bagong bagay sa iyong buhay. Maaari Niyang lutasin ang iyong suliranin at gumawa Siya ng dakilang bagay sa buhay mo.

Kung ikaw ay humaharap sa isang mahirap na sitwasyon na sa tingin mo ay hindi mo makakayanan, hinihimok kitang manalangin ngayon:

Ama, kailangan Kita ngayon. Sinasabi Mong mahal Mo ako at nakikita Mo ang aking kasalukuyang pinagdadaanan… at sa kabila ng aking nararamdaman, pinipili kong manalig sa Iyong Salita. Sa gitna ng lahat kong nararanasan, tumitingin ako sa Iyo

para sa Iyong pagtulong. Kailangan ko ang Iyong kalakasan upang labanan ang aking pakiramdam na panghihina. Tulungan Mo po ako na laging magtuon ng pansin sa Iyo. Sumasamo ako na gawing Mong totoo ang sarili Mo sa akin …at palakasin Mo ako sa akin pang lalakbayin. Tulungan Mo po akong maranasan ang Iyong pag-ibig at presensiya. Isinusuko ko ang aking buhay sa Iyo. Ito ang aking dalangin sa pangalan ni Hesus, amen.

Hinihimok din kita na basahin mo ang mga sumusunod na talata mula sa Bibliya. Napatunayan ko na sa aking karanasan na babaguhin ka ng Salita ng Diyos – ang iyong kaisipan, pakiramdam, at pananaw sa buhay.

Sinasabi ng Jeremias 29:11 na ang Diyos ay mayroong magandang plano para sa iyong kinabukasan – planong magdudulot ng kapayapaan at pag-asa.

Lagi mong alalahanin na kasama mo ang Diyos. Siya ang Diyos ng mga imposibleng bagay – *Siya na makagagawa ng mga himala sa lahat ng sitwasyon.*

MAHAL KA NG DIYOS

Sa simula pa'y inibig Ko na sila kaya patuloy akong magiging tapat sa kanila. **Jeremias 31:3**

Maguguho ang mga bundok at ang mga burol ay mayayanig, ngunit ang wagas na pag-ibig Ko'y hindi maglalaho, at mananatili ang kapayapaang

Aking ipinangako. Iyan ang sinasabi ni Yahweh, na nagmamahal sa iyo. **Isaias 54:10**

Ang taglay kong sulirani'y nababatid Mo nang lahat, pati mga pagluha ko'y nakasulat sa Iyong aklat. **Awit 56:8**

Bago ka pa ipinaglihi at ipanganak ay pinili na kita upang maging propeta para sa lahat ng bansa. **Jeremias 1:5**

TUTULUNGAN KA NG DIYOS

Ako'y sasaiyo, huwag kang matakot, Ako ang iyong Diyos, hindi ka dapat mangamba. Palalakasin kita at tutulungan, iingatan at ililigtas. **Isaias 41:10**

Dumaan man ako sa madilim na libis ng kamatayan, wala akong katatakutan, pagkat Ika'y aking kaagapay. Ang tungkod Mo at pamalo, aking gabay at sanggalang. **Awit 23:4**

Ang aking dalangi'y dininig ng Diyos, inalis Niya sa akin ang lahat kong takot. **Awit 34:4**

Kapag dumaan ka sa malalim na tubig, sasamahan kita; tumawid ka man sa mga ilog, hindi ka malulunod; dumaan ka man sa apoy, hindi ka masusunog, hindi ka matutupok. **Isaias 43:2**

ANG DIYOS ANG IYONG PAG-ASA

Sapagkat batid kong lubos ang mga plano Ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong

magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa. **Jeremias 29:11**

Sapagkat sinabi ng Diyos, "Hindi kita iiwan ni pababayaan man. **Hebreo 13:5**

Sapagkat walang anumang bagay na hindi kayang gawin ng Diyos. **Lucas 1:37**

Ilagak kay Yahweh iyong suliranin, aalalayan ka't ipagtatanggol rin; ang taong matuwid, di Niya bibiguin. **Awit 55:22**

Kapag ako'y natatakot, O aking Diyos na Dakila; sa Iyo ko ilalagak, pag-asa ko at tiwala. **Awit 56:3**

ANG DIYOS ANG IYONG KAALIWAN AT KALAKASAN

At ang mga pusong wasak ay Kanya ring lulunasan, ang natamo nilang sugat ay bibigyang kagalingan. **Awit 147:3**

Ang mahihina't mga napapagod ay Kanyang pinapalakas… Ngunit muling lumalakas at sumisigla ang nagtitiwala kay Yahweh. Lilipad silang tulad ng mga agila. Sila'y tatakbo ngunit hindi mapapagod, sila'y lalakad ngunit hindi manghihina. **Isaias 40:29, 31**

Lumapit kayo sa Akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatang lubha sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan Ko ng kapahingahan. **Mateo 11:28**

Ang Diyos ang ating lakas at kanlungan, at handang saklolo kung may kaguluhan. **Awit 46:1**

Panalangin para sa Kaligtasan

Mahal ka ng Diyos at nais Niyang magkaroon ka ng personal na relasyon sa Kanya. Kung hindi mo pa tinatanggap si Hesus bilang iyong tagapagligtas, maaari mo itong gawin ngayon. Buksan mo ang iyong puso sa Kanya at idalangin mo ito…

"Ama, inaamin ko na ako'y nagkasala laban sa Iyo. Patawarin mo po ako. Linisin mo po ako. Nangangako ako na magtitiwala ako sa Iyong Anak na si Hesus. Nananalig ako na namatay Siya para sa akin – inako Niya ang aking mga kasalanan noong Siya ay namatay sa krus. Nananalig ako na Siya ay muling nabuhay mula sa mga patay. Isinusuko ko ang aking buhay kay Hesus sa oras na ito. Salamat po Ama, sa Iyong kaloob na kapatawaran at buhay na walang hanggan. Tulungan mo po akong mabuhay para sa Iyo. Sa pangalan ni Hesus, Amen."

Sa iyong panalangin na mula sa puso, tinanggap ka ng Diyos, nilinis ka, at pinalaya ka sa espirituwal na kamatayan. Simulan mong basahin ang mga talatang ito at idalangin sa Diyos na mangusap Siya sa iyo habang ikaw ay lumalakad na kasama Siya sa iyong bagong buhay.

Juan 3:16	1 Corinto 15:3-4	Efeso 1:4
Efeso 2:8-9	1 Juan 1:9	1 Juan 4:14-15
1 Juan 5:1	1 Juan 5:12-13	

Dumalangin ka sa Diyos na tulungan ka Niyang makakita ng isang iglesya na naniniwala sa Bibliya bilang Salita ng Diyos upang ikaw ay lumago sa iyong relasyon kay Cristo. Papatnubayan ka Niya tungo sa pamumuhay na masagana at matagumpay!

TUNGKOL SA MAY AKDA

Si Joyce Meyer ay isang may-akda na tinaguriang bestselling author ng New York Times at isa sa mga nangungunang tagapagturo ng Bibliya sa buong mundo. Sa pamamagitan ng Joyce Meyer Ministries, siya ay nagtuturo ng mga pratikal na aral mula sa Bibliya, at ibinabahagi ang kanyang karanasan na nakatutulong sa milyong katao upang maisagawa sa kanilang buhay at sitwasyon. Ang kanyang aklat na "Battlefield of the Mind," ay isang pinakamabiling aklat na kanyang naisulat. Dito ay kanyang itinuro kung paano mapagtatagumpayan ang digmaan na umiiral sa kaisipan ng tao. Si Joyce ay nagsagawa ng maraming kumperensya sa ibat-ibang lugar sa Amerika at sa ibat-ibang bahagi ng mundo. Ang kanyang "Enjoying Everyday Life" na programa ay isinasahimpapawid sa telebisyon, radio, at online sa milyong katao sa mahigit na 100 wika. Siya ay nakapagsulat ng mahigit 130 na aklat, na naisalin sa mahigit na 155 wika.

JOYCE MEYER MINISTRY

Ibinabahagi si Kristo - Minamahal ang Tao

Ang Joyce Meyer Ministries ay tinawag upang ibahagi ang ebanghelyo, gawing disipulo ang mga bansa, at ikalat ang pag-ibig ni Kristo. Sa pamamagitan ng media ay tinuturuan namin ang mga tao na maisabuhay ang mga katotohanan mula sa Bibliya at hinihimok ang mga tao na maglingkod sa isat-isa. Sa pamamagitan ng aming programa sa misyon na tinatawag na, Hand of Hope, kami ay naglalaan ng tulong sa pamamagitan ng pagpapakain sa mga nagugutom, tulong sa mga matatanda, balo, ulila, at sa lahat ng mga tao na ibat-iba ang edad at katayuan sa buhay.
Ang Joyce Meyer Ministries ay naitatag sa pamamagitan ng pananampalataya, integridad, at mga tagasuporta sa panawagang ito.

* * *

Upang makatanggap ng karagdagang mensahe ng pampalakas ng kalooban, bisitahin ang Joyce Meyer Ministries:

tv.joycemeyer.org/tagalog

Iba Pang Aklat Ni Joyce Meyer

100 Ways To Simplify Your Life
21 Ways to Finding Peace and Happiness
Any Minute
Approval Addiction
The Battle Belongs to the Lord
*Battlefield of the Mind **
Battlefield of the Mind Devotional
*Be Anxious for Nothing **
Be Healed in Jesus' Name
Beauty for Ashes (Revised Edition)
Being the Person God Made You to Be
Celebration of Simplicity
The Confident Woman Devotional
Do It Afraid!
Do Yourself a Favor… Forgive
Don't Dread
Eat the Cookie… Buy the Shoes
Eight Ways to Keep the Devil Under Your Feet
Ending Your Day Right
Enjoying Where You Are on the Way to Where You Are Going
The Everyday Life Bible
Expect a Move of God in Your Life…. Suddenly!
Filled with the Spirit
"Good Morning, This Is God!"
Healing the Brokenhearted
Hearing From God Each Morning
*How To Hear From God **
How To Succeed at Being Yourself
If Not for the Grace of God
In Pursuit of Peace
Jesus – Name Above All Names
The Joy of Believing Prayer
Knowing God Intimately

A Leader in the Making
Life in the Word Devotional
Living Beyond Your Feelings
Look Great, Feel Great
Love Out Loud Devotional
Making Marriage Work (previously published as Help Me – I'm Married!)
Managing Your Emotions
*Me and My Big Mouth! **
The Most Important Decision You Will Ever Make
Never Lose Heart
Peace
The Penny
The Power of Forgiveness
The Power of Determination
The Power of Being Positive
The Power of Simple Prayer
Power Thoughts
Prepare to Prosper
Reduce Me to Love
The Root of Rejection
The Secret Power of Speaking God's Word
The Secret to True Happiness
The Secrets of Spiritual Power
Secrets to Exceptional Living
Seven Things That Steal Your Joy
Start Your New Life Today
Starting Your Day Right
Straight Talk Omnibus
Teenagers Are People Too!
Tell Them I Love Them
Weary Warriors, Fainting Saints
When, God, When?
Why, God, Why?
Woman to Woman
The Word, the Name, the Blood

JOYCE MEYER SPANISH TITLES

Come la Galleta… Compra Los Zapatos

(Eat the Cookie… Buy the Shoes)

El Campo de Batalla de la Mente
(Battlefield of the Mind)

La Revolucion de Amor (The Love Revolution)

Las Siete Cosas Que Te Roban el Gazo
(Seven Things That Steal Your Joy)

Pensamientos de Poder (Power Thoughts)

JOYCE MEYER TAGALOG TITLE

Sabihin Mo na Mahal Ko Sila
(Tell Them That I Love Them)

Isang Panibagong Buhay
(A New Way of Living)

Pinagagaling ang Pusong Sugatan
(Healing the Brokenhearted)

BOOKS BY DAVID MEYER

Life Lines

**Study guide available for this title*

Para makipag-ugnayan sa May-akda, Maaring sumulat sa:

Joyce Meyer Ministries
P.O. Box 655
Fenton, MO 63026
USA
(636) 349-0303
www.joycemeyer.org

Joyce Meyer Ministries – Canada
P.O. Box 7700
Vancouver, BC V6B 4E2
Canada
(800) 868-1002

Joyce Meyer Ministries – Australia
Locked Bag 77
Mansfield Delivery Centre
Queensland 4122
Australia
(07) 3349-1200

Joyce Meyer Ministries – England
P.O. Box 1549
Windsor SL4 1GT
United Kingdom
01753831102

Joyce Meyer Ministries – South Africa
P.O. Box 5
Cape Town 8000
South Africa
(27) 21-701-1056

THIS BOOK IS DISTRIBUTED BY

Word of Hope Christian Family Church

1103 EDSA, Brgy. Veterans Village, Proj. 7, Quezon City

www.wordofhope.ph

www.facebook.com/WOHChurch

www.youtube.com/c/WOHTV1988

Cignal 185 A Word of Hope
Sundays 1:00PM to 2:00PM | 8:00PM to 9:00PM
Tuesdays to Saturdays 12:30PM to 1:30PM

DWBL 1242 Khz A Word of Hope
Monday to Friday 5:30AM to 6:00AM
8:00PM to 8:30AM

DXKI 1062 Khz A Word of Hope
Monday to Friday 9:30AM to 10:00AM